

PATAKARAN SA PAGPUTOL NG SERBISYO SA TUBIG PANGPAMAHAYAN DAHIL SA HINDI PAGBABAYAD

Isinasaalang-alang ang anumang ibang patakaran o panuntunan ng Lungsod ng Signal Hill (Lungsod), itong Patakaran sa Pagputol ng Serbisyo sa Tubig Pangpamahayan Dahil sa Hindi Pagbabayad ay ilalapat sa pagputol ng Lungsod sa serbisyo sa tubig pangpamahayan dahil sa hindi pagbabayad sa ilalim ng mga salik na nakalahad sa mga sumusunod. Sa pangyayaring magkakaroon ng anumang problema sa pagitan ng Patakarang ito at ng ibang patakaran o panuntunan ng Lungsod, ang Patakarang ito ang mananaig.

I. Paglalapat ng Patakaran; Numero ng Telepono ng Kontak: Ang patakarang ito ay ilalapat lamang sa mga serbisyo ng tubig pangpamahayan dahil sa hindi pagbabayad at ang mga umiiral na patakaran at pamamaraan ng Lungsod ay patuloy na ilalapat sa mga komersyal at industriyal na mga account ng serbisyo sa tubig. Ang Lungsod ay makakausap sa (562) 989-7315 para sa tulong tungkol sa pagbabayad ng mga bayarin sa tubig at sa potensyal na pagtatatag ng mga alternatibong nakalahad sa patakarang ito upang maiwasan ang pagputol ng serbisyo.

II. Pagputol ng Serbisyo sa Tubig Pangpamahayan dahil sa Hindi Pagbabayad:

A. **Pagpapadala at Pagbabayad ng mga Bayarin:** Ang mga bayarin sa serbisyo sa tubig ay ipapadala sa bawat kostumer buwan-buwan maliban kung may ibang iskedyul sa pag-presyo na isasaad ang Lungsod. Ang mga bayarin para sa serbisyo ay dapat bayaran sa panahon na ilahad at magiging delingkwente kung hindi mababayaran sa loob ng dalawampung (20) araw. Ang serbisyo sa tubig ay sasailalim sa pagputol ng serbisyo kung hindi mababayaran sa loob ng animnapung (60) araw mula sa petsa ng pagka-delingkwente. Maaaring magbayad sa City Hall o sa alinmang kinatawan ng Lungsod na awtorisadong mangolekta. Gayunman, responsibilidad ng kostumer na tiyakin na matatanggap ang mga kabayaran sa City Hall sa itinakdang araw. Hindi awtorisado ang mga hindi kumpletong kabayaran maliban kung may naunang pag-apruba na tinanggap mula sa Lungsod. Ang mga bayarin ay kukuwentahin katulad ng sumusunod:

1. Ang mga metro ay babasahin sa regular na pagitan para sa paghahanda ng buwanang bayarin at ayon sa kinakailangan para sa paghahanda ng mga bayarin para sa pagbubukas, pagsasara, at sa mga natatanging bayarin.
2. Ang mga bayarin para sa mga serbisyonang may metro ay magpapakita ng kasalukuyan at nakaraang pagbasa sa metro para sa buwan na tinutukoy sa bayarin, ng mga bilang ng yunit, petsa, at mga araw ng serbisyo para sa kasalukuyang pagbasa sa metro.

B. Bayarin na Lampas na sa Petsa: Ang mga sumusunod na panuntunan ay ilalapat sa mga kostumer na hindi nakakabayad ng mga bayarin sa loob ng mahigit na animnapung (60) araw kasunod ng petsa ng pagkadelingkwente:

1. Mga Account na Maliliit ang Balanse: Kung ang mas mababa sa minimum na bayarin (ibig sabihin, mas mababa sa buwanang babayaran sa metro ng account) ay mananatiling hindi bayad sa anumang panahon ng pagbabayad, ipapatong ito at idadagdag sa susunod na panahon ng pagbabayad.

2. Babala Ukol sa Pagputol: Kung hindi mababayaran ang inilahad na bayarin sa o bago ang ^{ika-}dalawampung (20) araw kasunod ng petsa ng invoice, padadalhan ang kostumer ng paunawa ukol sa hindi pagbabayad ng serbisyo sa tubig ("Babala Ukol sa Pagputol") sa loob ng humigit-kumulang labinlimang (15) araw ng kalendaryo bago ang posibleng petsa ng pagputol ng serbisyo na tinutukoy sa Babala Ukol sa Pagputol. Kung ang tirahan ng kostumer ay hindi ang kinaroroonan ng pag-aari na pinadadalhan ng serbisyo, kailangang ipadala rin ang Babala Ukol sa Pagputol sa kinaroroonan ng pag-aari na pinadadalhan ng serbisyo. Ang Babala Ukol sa Pagputol ay dapat maglaman ng mga sumusunod:

- a) Pangalan at tirahan ng kostumer;
- b) Halagang delingkwente;
- c) Petsa kung kailan dapat magbayad o makipag-ayos para sa pagbabayad upang maiwasan ang pagputol ng serbisyo;
- d) Paglalarawan ng proseso ng paghiling para sa pagdaragdag ng panahon ng pagbabayad sa utang na halaga (tingnan ang Seksyon III (D), sa ibaba);
- e) Paglalarawan ng proseso ng petisyon para sa pagrebisa at pag-apela sa bayarin na nagsasaad ng pagka-delingkwente (tingnan ang Seksyon IV, sa ibaba);
- f) Paglalarawan sa pamamaraan kung paano makakahiling ang kostumer ng isang inantala, hulugan, binawasan o alternatibong iskedyul ng pagbabayad (tingnan ang Seksyon III, sa ibaba) at;
- g) Ang numero ng telepono ng Lungsod na makokontak ng kostumer tungkol sa mga paksa o pamamaraan sa itaas.

Gagawa rin ang Lungsod ng makatuwirang pagsisikap na makontak ang nakatalang kostumer o ang nakatatandang tao na naninirahan sa lugar ng kostumer alinman nang personal o sa pamamagitan ng telepono sa loob ng humigit-kumulang pitong (7) araw bago ang pagputol ng serbisyo. Kung magbibigay ng paunawa sa pamamagitan ng telepono, bibigyan ng Lungsod ang kostumer ng kopya nitong pamantayan at aalukin din ang kostumer na makipagtalakayan ukol sa mga mapagpipilian na alternatibong pagbabayad, tulad ng nakalarawan sa Seksyon III, sa ibaba, at sa mga pamamaraan ng pagrebisa at pag-apela sa bayarin ng kostumer, tulad ng nakalarawan sa Seksyon IV, sa ibaba.

3. Paunawang Naipaskil: Gagawa ang Lungsod ng makabuluhang pagsisikap na bisitahin ang tirahan at mag-iwan, o gumawa ng ibang paraan na mailagay sa isang lokasyon na madaling makita, ang isang paunawa ng bantang pagputol sa serbisyo dahil sa hindi pagbabayad, at isang kopya ng Patakarang ito. Ang paunawa at kopya nitong Patakarang ay iiwan sa tirahan sa loob ng humigit-kumulang apatnapu't walong (48) oras bago ang pagputol ng serbisyo.

4. Singil Dahil sa Pagkahuli: Ang Singil Dahil sa Pagkahuli, tulad ng tinutukoy sa mga singilin at babayaran sa Lungsod, ay tatayahin at idadagdag sa huling balanse sa account ng kostumer kung ang utang na halaga ng account na iyon ay hindi nabayaran bago inilabas ang Babala Ukol sa Pagputol.

5. Huling Oras ng Paghihintay: Ang pagbabayad sa mga singil sa serbisyo ng tubig ay dapat matanggap sa City Hall nang hindi lalampas sa ika-5:00 NH sa petsang tinutukoy sa Babala Ukol sa Pagputol. Ang mga postmark ay hindi katanggap-tanggap.

6. Abiso Ukol sa Ibinalik na Tseke: Oras na matanggap ang isang ibinalik na tseke na inilaan bilang kabayaran para sa serbisyo ng tubig at iba pang mga singil, ituturing ng Lungsod na hindi nabayaran ang account. Sisikapin ng Lungsod na personal na magpadala ng pasabi sa kostumer at mag-iwan ng paunawa ukol sa pagputol sa serbisyo ng tubig sa lugar. Puputulin ang serbisyo ng tubig kung ang halaga ng ibinalik na tseke at singil sa ibinalik na tseke ay hindi mababayaran sa itinakdang petsa ng pagbabayad na tinutukoy sa paunawa, na ang petsang ito ay hindi mauuna sa petsang tinutukoy sa Babala Ukol sa Pagputol; o kung ang Babala Ukol sa Pagputol ay hindi pa naibibigay, hindi lalampas sa ^{ika-}animnapung (60) araw pagkatapos ng invoice na binayaran sa pamamagitan ng ibinalik na tseke. Upang muling magamit ang ibinalik na tseke at upang bayaran ang singil sa ibinalik sa tseke, lahat ng utang na halaga ay dapat bayaran ng pera o mga sertipikadong pondo.

7. Ibinalik na Tseke na Ibinayad sa Serbisyo ng Tubig na Pinutol dahil sa Hindi Pagbabayad:

a) Kung ang tseke ay isinumite at tinanggap bilang kabayaran na nagresulta sa pagbabalik ng serbisyo sa account na naputol dahil sa hindi pagbabayad ay ibinalik at hindi magagamit, maaaring putulin ng Lungsod ang nasabing serbisyo ng tubig sa loob ng humigit-kumulang tatlong (3) araw ng kalendaryo ng pagkasulat ng paunawa.

Maaari lamang muling ipagamit ang account ng kostumer kung mababayaran ang mga umiiral na singil sa anyong pera o mga sertipikadong pondo. Kapag muling ipagamit ang account ng kostumer, lalagyan ng tanda ang account sa loob ng isang taon upang matandaan na nag-isyu ang kostumer ng isang tseke na hindi maiaayos.

b) Kung sa anumang panahon sa loob ng isang taon na inilalarawan sa itaas, na ang account ng kostumer ay muling naputol dahil sa hindi pagbabayad, maaaring hingiin ng Lungsod sa kostumer na magbayad ng pera o mga sertipikadong pondo upang maibalik ang serbisyo ng tubig.

C. Mga Kondisyon na Pumipigil sa Pagputol: Hindi puputulin ng Lungsod ang serbisyo ng tubig pangpamahayan kung matutugunan ang lahat ng sumusunod na kondisyon:

1. Kalagayan ng Kalusugan – Ang kostumer o nangungupahan ay magsusumite ng sertipikasyon ng tagapaglaan ng pangunahing tagapangalaga na ang pagputol ng serbisyo sa tubig ay (i) magdudulot ng banta sa buhay, o (ii) magdudulot ng seryosong banta sa kalusugan at kaligtasan ng taong naninirahan sa pag-aari;

2. Kawalan ng Kakayahan sa Pananalapi – Ipinapakita ng kostumer na wala siyang kakayahan na magbayad ng serbisyo sa tubig sa loob ng normal na panahon ng pagbabayad ng mga bayarin. Itinuturing na ang kostumer ay "walang kakayahang magbayad" kung ang sinumang miyembro ng sambahayan ng kostumer ay: (i) kasalukuyang tumatanggap ng mga sumusunod na benepisyo: CalWORKS, CalFresh, pangkalahatang tulong, Medi-Cal, SSI/State Supplementary Payment Program o ng California Special Supplemental Nutrition Program for Women, Infants and Children; o (ii) idineklara ng kostumer na ang taunang kinikita ng sambahayan ay mas mababa sa 200% ng federal na antas ng kahirapan; at

3. Mga Alternatibong Kasunduan sa Pagbabayad – Ang kostumer ay nakahandang pumasok sa isang hulugan na kasunduan, alternatibong iskedyul ng pagbabayad o isang plano para sa inantala o binawasang pagbabayad, sang-ayon sa mga probisyon ng Seksyon III, sa ibaba.

D. Pamamaraan sa Determinasyon ng mga Kondisyon na Pumipigil sa Pagputol ng Serbisyo: Pasanin ng kostumer na patunayan ang pagsunod sa mga kondisyon na inilalarawan sa Subdibisyon (C), sa itaas. Upang mabigyan ang Lungsod ng sapat na panahon upang maproseso ang anumang hinihiling na

tulong ng kostumer, hinihikayat ang kostumer na magbigay sa Lungsod ng mga kinakailangang dokumento na nagpapakita ng mga medikal na usapin sa ilalim ng Subdibisyon (C)(1), kawalan ng kakayahan sa pananalapi sa ilalim ng Subdibisyon (C)(2) at kahandaan na pumasok sa anumang alternatibong kasunduan sa pagbabayad sa ilalim ng Subdibisyon (C)(3) nang posibleng mas maaga sa anumang ilalagay na petsa ng pagputol sa serbisyo. Oras na matanggap ang nasabing dokumento, ang Tagapamahala ng Lungsod, o ang kanyang kinatawan, ay magrehabita ng mga dokumentong iyon at tutugon sa kostumer sa loob ng pitong (7) araw ng kalendaryo upang alinman sa humingi ng karagdagang impormasyon, kasama ang impormasyon kaugnay ng pagiging katupad-tupad ng magagamit na mga alternatibong kasunduan, o upang sabihin sa kostumer ang alternatibong kasunduan sa pagbabayad, at ang mga nakasalik doon, sa ilalim ng Seksyon III, sa ibaba, kung saan ay papayagan ng Lungsod na makilahok ang kostumer. Kung hiniling ng Lungsod ang karagdagang impormasyon, ibibigay iyon ng kostumer sa loob ng limang (5) araw ng kalendaryo ng pagkatanggap sa kahilingan ng Lungsod. Sa loob ng limang (5) araw ng kalendaryo ng pagkatanggap ng karagdagang impormasyong iyon, alinman sa sasabihan ng Lungsod ang kostumer sa pamamagitan ng liham na hindi natugunan ng kostumer ang mga kondisyon sa ilalim ng Subdibisyon (C), sa itaas, o sasabihin sa kostumer sa pamamagitan ng liham ang alternatibong kasunduan sa pagbabayad, at ang mga salik niyon, sa ilalim ng Seksyon III, sa ibaba, kung saan ay papayagan ng Lungsod na makilahok ang kostumer. Ang mga kostumer na hindi makatutugon sa mga kondisyon na inilalarawan sa Subdibisyon (C), sa itaas, ay dapat magbayad ng delingkwenteng halaga, kasama ang alinmang multa at iba pang singil, na utang sa Lungsod na nakapaloob sa huli sa loob ng : (i) dalawang (2) araw na may pasok pagkatapos ng petsa ng paunawa mula sa pagkatukoy ng Lungsod na hindi natugunan ng kostumer ang mga kondisyong iyon; o (ii) sa petsa ng nagbabantang pagputol ng serbisyo, tulad ng tinutukoy sa Babala Ukol sa Pagputol. Para sa mga layunin ng pamantayang ito, ang katagang "mga araw ng negosyo" ay tumutukoy sa alinmang araw na bukas ang tanggapan ng Lungsod para sa negosyo.

E. Natatanging Panuntunan para sa Mga Kostumer na Mabababa ang Kinikita: Ang mga kostumer ay itinuturing na mababa sa 200% ng federal na hangganan ng kahirapan ang kinikita ng sambahayan kung: (i) sinumang miyembro ng sambahayan ng kostumer ay kasalukuyang tumatanggap ng mga sumusunod na benepisyo: CalWORKS, CalFresh, pangkalahatang tulong, Medi-Cal, SSI/State Supplementary Payment Program o ng California Special Supplemental Nutrition Program for Women, Infants and Children; o (ii) idinideklara ng kostumer na ang taunang kinikita ng sambahayan ay mas mababa sa 200% ng federal na antas ng kahirapan. Kung ipinakikita ng kostumer ang alinman sa mga kalagayang iyon, kung gayon ay mailalapat ang mga sumusunod:

1. Singil para sa Muling Pagkakabit: Kung naputol ang serbisyo at muling ikakabit, kung gayon ang anumang singil para

sa muling pagkakabit sa panahon ng normal na oras ng operasyon ng Lungsod ay hindi puwedeng lumampas sa \$50, at ang mga singil para sa muling pagkakabit sa panahon ng mga oras na walang operasyon ay hindi puwedeng lumampas sa \$150. Ang mga singil na iyon ay hindi dapat lumampas sa aktwal na halaga ng muling pagkakabit kung ang halagang iyon ay mas mababa sa mga ultimong halaga sa kalatas. Ang mga ultimong halagang iyon ay maaaring baguhin taun-taon sa mga pagbabago sa Consumer Price Index ng Los Angeles-Long Beach-Anaheim metropolitan area simula Enero 1, 2021.

2. Pagsasa-isantabi ng Interes: Ang Lungsod ay hindi magpapatong ng anumang singil sa interes sa mga delingkwenteng bayarin.

F. Mga Kalagayan ng Nagpapaupa at Nangungupahan:

1. Kinakailangang Paunawa para sa Serbisyo na May Indibidwal na Metro: Ang mga sumusunod na pamamaraan ay naaangkop sa mga serbisyo sa nakahiwalay na tirahan ng solong pamilya na may indibidwal na metro, mga gusaling maraming yunit na tirahan at mga paupahang tahanan sa parkeng-lote kung saan ang nagmamay-ari o tagapamahala ay ang nakatalang kostumer at responsable sa pagbabayad ng bayarin sa tubig.

a. Humigit-kumulang 10 araw ng kalendaryo bago ang posibleng pagputol sa serbisyo ng tubig, kailangang gumawa ang Lungsod ng makabuluhang pagsisikap na pasabihan ang mga nangungupahan/okupante sa pag-aari sa pamamagitan ng nakasulat na paunawa na puputulin ang serbisyo sa tubig.

b. Kailangang sabihin din sa mga nangungupahan/okupante sa nakasulat na paunawa na may karapatan silang maging kostumer na padadalhan ng bayarin (tingnan ang Subdibisyon 3, sa ibaba), na hindi kailangang magbayad ng alinmang mga delingkwenteng halaga.

2. Kinakailangang paunawa para sa Serbisyo ng Master na Metro. Ang mga sumusunod na pamamaraan ay naaangkop sa serbisyo sa mga tirahan na may master na metro kung saan ang nagmamay-ari, tagapamahala, o nagpapagana ang nakatalang kostumer.

a. Humigit kumulang 15 araw ng kalendaryo bago ang posibleng pagputol sa serbisyo ng tubig, kailangang gumawa ang Lungsod ng makabuluhang pagsisikap na pasabihan ang mga nangungupahan/okupante sa pamamagitan ng nakasulat na paunawa na ipapaskil sa pintuan ng bawat yunit na tirahan ng residente na nahuhuli ang bayad ng account at ang serbisyo ay puputulin sa petsang nakasaad sa paunawa. Kung hindi magagawa o hindi praktikal na maipaskil ang paunawa sa pintuan ng bawat yunit, kailangang ipaskil ng Lungsod ang dalawang (2) kopya ng paunawa sa bawat lugar na maaakses ng karamihan na malapit sa gusali o mga gusali.

b. Kailangan din na sabihin sa mga nangungupahan/okupante na may karapatan silang maging mga kostumer na padadalhan ng bayarin (tingnan ang Subdibisyon 3, sa ibaba), na hindi kailangang magbayad ng alinman sa mga delingkwenteng halaga. Kailangan ding tukuyin sa paunawa kung ano ang kinakailangang gawin ng mga okupante upang mapigilan ang pagputol ng, o upang muling maikabit ang serbisyo; ang tinatayang buwanang halaga ng serbisyo; ang katawagan sa, tirahan, at ang numero ng telepono ng kinatawan ng Lungsod na makatutulong sa mga okupante na maituloy ang serbisyo; ang kinaroroonan o numero ng telepono ng mga kwalipikadong proyekto ng legal na serbisyo na inirerekomenda ng lokal na asosasyon ng bar sa county.

3. Mga Nangungupahan/Okupante na Magiging Kostumer:

a. Hindi kailangang ipagamit ng Lungsod ang serbisyo sa mga nangungupahan/okupante maliban kung papayag ang bawat nangungupahan/okupante sa mga salik at kondisyo ng serbisyo at makakatugon sa mga hinihingi at panuntunan ng Lungsod.

b. Gayunman, kung (i) ang isa o mahigit pa sa mga nangungupahan/okupante ay magbabalik ng responsibilidad sa mga susunod na singil sa account na kaluluguran ng Lungsod, o (ii) may pisikal na paraan upang mapili ang pagputol ng serbisyo sa mga nangungupahan/okupante na hindi makakatugon sa mga hinihingi ng Lungsod, kung gayon ay maaaring ipagamit ng Lungsod ang serbisyo doon lamang sa mga nangungupahan/okupante na makakatugon sa mga kinakailangan.

c. Upang maging karapat-dapat na maging kostumer na hindi magbabayad ng halagang utang sa delingkwenteng account, kailangang patunayan ng nangungupahan/okupante na ang

kostumer na nakatala sa delingkwenteng account ay angnagpapaupa, tagapamahala, o ahente ng tirahan. Maaaring kasama sa beripikasyon, ngunit hindi limitado sa, ang isang kasunduan ng pagpapagamit o pagpapaupa, mga resibo sa renta, isang dokumento ng pamahalaan na nagsasaad na inuupahan ng okupante ang pag-aari, o ibang katulad na impormasyon ayon sa hinihingi ng Lungsod.

d. Kung ang naunang serbisyo sa loob ng tukoy na kahabaan ng panahon ay isang kondisyon upang makapagtatag ng kredit sa Lungsod, kung gayon ang paninirahan sa pag-aari at katibayan ng napapanahong pagbabayad sa renta sa loob ng panahong iyon, sa kaluguran ng Lungsod, ay kasiya-siyang katumbas.

e. Kung ang nangungupahan/okupante ay magiging kostumer ng Lungsod at kasama sa mga ibinayad na renta ng nangungupahan/okupante ang mga singil sa serbisyo sa tubig sa tirahan kung saan ang mga singil na iyon ay hindi hiwalay na nakasaad, maaaring ibawas ng nangungupahan/okupante sa mga ibabayad sa renta sa hinaharap ang lahat ng makatuwirang singil na ibinayad sa Lungsod sa naunang panahon ng pagbabayad.

III. Mga Alternatibong Kasunduan sa Pagbabayad: Para sa sinumang kostumer na makakatugon sa tatlong kondisyon sa ilalim ng Seksyon II(C), sa itaas, alinsunod sa mga pamamaraang nakatakda sa Seksyon II(D), sa itaas, mag-aalok ang Lungsod sa kostumer ng isa sa mga sumusunod na alternatibong kasunduan sa pagbabayad, na pipiliin ng Lungsod sang-ayon sa pagpapasiya nito: (i) huhulugan ang balanseng hindi nabayaran sa ilalim ng Subdibisyon (A) sa ibaba, (ii) alternatibong iskedyul ng pagbabayad sa ilalim ng Subdibisyon (B), sa ibaba; (iii) pagbabawas ng Seksyon o ng buong halaga ng utang na balanse sa ilalim ng Subdibisyon (C), sa ibaba; o (iv) pansamantalang pag-aantala ng pagbabayad sa ilalim ng Subdibisyon (D), sa ibaba. Gagawin ng Tagapamahala ng Lungsod, o ng kanyang kinatawan, bilang pagsasakatuparan ng makatuwirang pagpili, ang pagpili sa pinaka-angkop na alternatibong kasunduan sa pagbabayad matapos suriin ang impormasyon at ang mga dokumento na ibibigay ng kostumer at isasaalang-alang ang pinansyal na kakayahan ng kostumer at ang mga kailangan ng Lungsod na kabayaran.

Ang ibang mga kostumer na hindi makakabayad ng bayarin sa loob ng normal na panahon ng pagbabayad ay maaaring humiling ng kasunduan na inilalarawan dito sa Seksyon III. Gagawin ng Tagapamahala ng Lungsod, o ng kanyang kinatawan, bilang pagsasakatuparan sa solong pagpili, ang pagpapasiya kung magbibigay ba ng alternatibong kasunduan sa pagbabayad at, kung magbibigay, ay tutukuyin ang pinaka-angkop na kasunduan sa alternatibong pagbabayad pagkatapos masuri ang impormasyon at mga dokumentong ibinigay ng kostumer at isaalang-alang ang

kakayahan ng kostumer sa pananalapi at ang mga kailangan ng Lungsod na kabayaran.

A. Amortisasyon: Kung pinili ng Lungsod ang alternatibong ito, ang kostumer ay maaaring pumasok sa isang plano ng amortisasyon sa Lungsod ayon sa mga sumusunod na salik:

1. Termino: Babayaran ng kostumer ang utang na balanse, kasama ang singil na administratibo at interes tulad ng nakasaad sa Subdibisyon (2), sa ibaba, sa loob ng panahon na hindi lalampas sa labindalawang (12) buwan, ayon sa tinukoy ng Tagapamahala ng Lungsod o ng kanyang kinatawan; maliban, kung, ang Tagapamahala ng Lungsod o ang kanyang kinatawan, sa ayon sa kanilang makatuwirang pagpapasiya, ay makakapaglapat ng panahon ng paghuhulog na mas mahaba sa labindalawang (12) buwan upang maiwasan ang hindi makatwirang paghihirap ng kostumer. Ang utang na balanse, kasama ang mga naaangkop na singil na administratibo at alinmang interes na ilalapat, ay kailangang hatiin sa bilang ng buwan ng panahon ng paghuhulog at ang halagang iyon ay dapat na idagdag sa bayarin ng kostumer bawat buwan sa nagpapatuloy na serbisyo ng tubig.

2. Singil na Administratibo; Interes: Para sa anumang aprubadong plano ng paghuhulog, ang kostumer ay magbabayad ng singil na administratibo, sa halagang pana-panahong itinatakda ng Lungsod, na kumakatawan sa halaga ng pagpapasimuno at pamamahala ng Lungsod sa plano. Ayon sa pasiya ng Tagapamahala ng Lungsod o ng kanyang kinatawan, ang taunang antas ng interes na hindi lalampas sa walong porsiyento (8%) ay ilalapat sa anumang halagang huhulugan sa ilalim ng Sub-seksyon A (maliban kung matutugunan ng kostumer ang mga kondisyon sa pananalapi sa ilalim ng Seksyon II (C)(2) o (E).

3. Pagsunod sa Plano: Kailangang sundin ng kostumer ang plano ng paghuhulog at panatilihin ng panapanahon habang dumadagdag ang mga singil sa bawat susunod na panahon ng pagbabayad. Hindi maaaring humiling ang kostumer ng dagdag na hulugang pagbabayad ng anumang susunod na hindi mababayarang singil habang nagbabayad pa ng mga delingkwenteng singil sang-ayon sa isang plano ng paghuhulog. Sa pagkakataong mabigo ang kostumer na sundin ang mga salik ng plano ng paghuhulog sa loob ng animnapung (60) araw ng kalendaryo o higit pa, o mabigong magbayad ng mga kasalukuyang singil sa loob ng animnapung (60) araw ng kalendaryo o higit pa, maaaring putulin ng Lungsod ang serbisyo ng tubig sa pag-aari ng kostumer sa loob ng humigit-kumulang limang (5) araw na may

pasok pagkatapos maipaskil ng Lungsod sa tirahan ng kostumer ang isang panghuling paunawa ng intensyon na putulin ang serbisyo.

B. Alternatibong Iskedyul ng Pagbabayad: Kung pinili ng Lungsod ang alternatibong ito, ang kostumer ay maaaring pumasok sa isang iskedyul ng alternatibong pagbabayad ng utang na balanse ayon sa mga sumusunod:

1. Panahon ng Muling Pagbabayad: Babayaran ng kostumer ang utang na balanse, kasama ang mga singil na administratibo at interes tulad ng nakasaad sa Subdibisyon (2), sa ibaba, sa loob ng panahon na hindi lalampas sa labindalawang (12) buwan, na tutukuyin ng Tagapamahala ng Lungsod o ng kanyang kinatawan; maliban, kung, ang Tagapamahala ng Lungsod o ang kanyang kinatawan, sa ayon sa kanilang makatwirang pagpapasiya, ay makakapagpahaba ng panahon ng muling pagbabayad nang higit sa labindalawang (12) buwan upang maiwasan ang hindi makatwirang paghihirap ng kostumer.

2. Singil na Administratibo; Interes: Para sa anumang aprubadong alternatibong iskedyul ng pagbabayad, ang kostumer ay pagbabayaran ng singil na administratibo, na halagang pana-panahong itinatakda ng Lungsod, na kumakatawan sa halaga ng pagpapasimuno at pamamahala ng Lungsod sa iskedyul. Sa pagpapasiya ng Tagapamahala ng Lungsod o ng kanyang kinatawan, ang taunang antas ng interes na hindi lalampas sa walong porsiyento (8%) ay ilalapat sa anumang halagang huhulugan sa ilalim ng Sub-seksyon B (maliban kung matutugunan ng kostumer ang mga kalagayan sa pananalapi sa ilalim ng Seksyon II(C)(2) o (E)

3. Iskedyul: Pagkatapos talakayin sa kostumer at maisa-alang-alang ang mga limitasyon ng kostumer sa pananalapi, ang Tagapamahala ng Lungsod o ang kanyang kinatawan ay gagawa ng alternatibong iskedyul ng pagbabayad na kailangang sang-ayunan ng kostumer. Ang alternatibong iskedyul na iyon ay maaaring maglaan ng pana-panahong halagang bayad na malakihang-isahang pagbabayad na hindi tatapat sa itinakda ng Lungsod na petsa ng pagbabayad, maaaring maglaan ng pagbabayad na mas madalas kaysa buwanan, o maaaring maglaan ng pagbabayad na mas madalang kaysa buwanan, basta sa lahat ng kaso, alinsunod sa Subdibisyon (1), sa itaas, ang utang na halaga at singil na administratibo ay mababayaran nang buo sa loob ng labindalawang (12) buwan ng pagtatatag ng iskedyul ng pagbabayad. Ang napagkasunduang iskedyul ay isusulat at ibibigay sa kostumer.

4. Pagsunod sa Plano: Kailangang sundin ng kostumer ang napagkasunduang iskedyul ng pagbabayad at panatilihing napapanahon habang nadadagdagan ang mga singil sa mga susunod na panahon ng pagbabayad. Ang kostumer ay hindi maaaring humiling ng mas matagal na iskedyul ng pagbabayad sa alinmang susunod na hindi mababayarang singil habang nagbabayad ng mga delingkwenteng singil alinsunod sa naunang napagkasunduang iskedyul. Sakaling mabigo ang kostumer na sumunod sa mga salik ng napagkasunduang iskedyul sa loob ng animnapung (60) araw ng kalendaryo o higit pa, o mabigo na magbayad ng kasalukuyang singil sa serbisyo sa loob ng animnapung (60) araw ng kalendaryo o higit pa, maaaring putulin ng Lungsod ang serbisyo ng tubig sa kostumer sa pag-aari ng kostumer sa loob ng humigit-kumulang limang (5) araw ng kalendaryo pagkatapos na maipaskil ng Lungsod sa tirahan ng kostumer ang isang panghuling paunawa ng intensyon na putulin ang serbisyo.

C. Pagbawas sa Halaga ng Utang na Balanse: Kung pinili ng Lungsod ang alternatibong ito, maaaring tanggapin ng kostumer ang isang kabawasan sa halaga ng balanse na utang ng kostumer, na hindi lalampas sa tatlung porsiyento (30%) ng balanseng iyon nang walang pag-apruba at pagkilos ng Konseho ng Lungsod; basta ang anumang tinutukoy na kabawasan ay popondohan ng isang panggagalingan na hindi magrerresulta sa mga karagdang singil na ipinapatong sa ibang mga kostumer ng Lungsod. Ang bahagi ng alinmang kabawasan ay dedeterminahin ng pinansyal na pangangailangan ng kostumer, ng pinansyal na kondisyon ng Lungsod at ng mga pangangailangan at pagkakaroon ng pondo na makakabawas sa utang na balanse ng kostumer.

1. Panahon ng Muling Pagbabayad: Babayaran ng kostumer ang binawasang balanse sa takdang petsa na tinukoy ng Tagapamahala ng Lungsod o ng kanyang kinatawan, na ang petsa ("Petsa ng Pagbabayad sa Binawasang Halaga") ay humigit kumulang sa labinlimang (15) araw ng kalendaryo pagkatapos ng epektibong petsa ng pagbabawas sa halaga ng utang ng balanse.

2. Pagbabayad sa Binawasang Halaga sa Takdang Petsa: Kailangang bayaran ng kostumer ang binawasang halaga sa o bago ang Petsa ng Pagbabayad ng Binawasang Halaga, at kailangang manatiling napapanahon sa pagbabayad ng buo ng alinmang singil na papatong sa bawat susunod na panahon ng pagbabayad. Kung ang kostumer ay mabibigong magbayad ng binawasang halaga sa loob ng animnapung (60) araw ng kalendaryo pagkatapos ng Petsa ng Pagbabayad ng Binawasang

Halaga, o mabigong magbayad ng kasalukuyang singil sa serbisyo sa kostumer sa loob ng animnapung (60) araw o higit pa, maaaring putulin ng Lungsod ang serbisyo sa tubig sa pag-aari ng kostumer sa loob ng humigit-kumulang (5) araw na may pasok pagkatapos na maipaskil ng Lungsod sa tirahan ng kostumer ang isang panghuling paunawa ng intensyon na putulin ang serbisyo.

D. Pansamantalang Pag-aantala ng Pagbabayad: Kung pinili ng Lungsod ang alternatibong ito, maaaring mabigyan ang kostumer ng pansamantalang pag-aantala sa pagbabayad ng utang na balanse na panahong hanggang anim (6) na buwan pagkatapos ng takdang petsa ng pagbabayad. Tutukuyin ng Lungsod, sa sariling pagpapasiya, kung gaano katagal ang ibibigay na pag-aantala sa kostumer.

1. Panahon ng Muling Pagbabayad: Babayaran ng kostumer ang utang na balanse sa inantalang petsa (ang "Petsa ng Inantalang Pagbabayad") na tutukuyin ng Tagapamahala ng Lungsod o ng kanyang kinatawan. Ang Petsa ng Inantalang Pagbabayad ay sa loob ng labindalawang (12) buwan mula sa petsa na maging delingkwente ang utang na balanse, maliban, kung, ang Tagapamahala ng Lungsod o ang kanyang kinatawan, sa kanilang makatwirang pagpapasiya, ay makapagtatakda ng Petsa ng Inantalang Pagbabayad na lampas sa labindalawang (12) buwan upang maiwasan ang hindi makatwirang paghihirap ng kostumer.

2. Pagbabayad sa Binawasang Halaga sa Takdang Petsa: Kailangang bayaran ng kostumer ang binawasang halaga sa o bago ang Petsa ng Inantalang Pagbabayad, at kailangang manatiling napapanahon sa pagbabayad ng kabuuan ng alinmang singil na dadagdag sa bawat susunod na panahon ng pagbabayad. Kung mabibigo ang kostumer na mabayaran ang utang na halagang babayaran sa loob ng animnapung (60) araw ng kalendaryo pagkatapos ng Petsa ng Inantalang Pagbabayad, o mabigong magbayad ng kasalukuyang singil sa serbisyo sa kostumer sa loob ng animnapung (60) araw ng kalendaryo o higit pa, maaaring putulin ng Lungsod ang serbisyo sa tubig sa pag-aari ng kostumer sa loob ng humigit-kumulang (5) araw ng kalendaryo matapos na maipaskil ng Lungsod sa tirahan ng kostumer ang isang panghuling paunawa ng intensyon na putulin ang serbisyo.

IV. Mga Apela

Ang paraan na dapat gamitin sa pag-apela ng halagang itinakda sa anumang bayarin para sa mga serbisyo sa tubig sa residente ay ang sumusunod:

A. Unang Pag-apela: Sa loob ng sampung (10) araw pagkatanggap sa bayarin para sa serbisyo ng tubig, may karapatan ang kostumer na magpasimuno ng apela o ng pagsuri ng anumang bayarin o singil na ipinadala ng Lungsod. Ang naturang kahilingan ay dapat isulat at ipadala sa City Finance Department, 2175 Cherry Ave., Signal Hill, CA 90755. Habang nakabinbin ang apela at ang anumang resulta ng imbestigasyon, hindi maaaring putulin ng Lungsod ang serbisyo ng tubig sa kostumer.

B. Apela sa Babala Ukol sa Pagputol: Dagdag sa mga karapatan sa pag-apela na isinasaad sa ilalim ng Sub-seksyon A, sa itaas, sinumang kostumer na tatanggap ng Babala Ukol sa Pagputol ay maaaring humiling ng apela o ng pagsuri ng bayarin kaugnay ng Babala Ukol sa Pagputol sa loob ng humigit-kumulang limang araw na may pasok (5) pagkatapos ng petsa ng Babala Ukol sa Pagputol kung irereklamo ng kostumer na mali ang nakalagay na dami ng nakunsumong tubig na nakasaad sa bayaring iyon; maliban, kung, walang karapatang mailalapat sa naturang apela o pagsuri ng alinmang bayaring usapin sa apela o kahilingan para sa pagsuri sa ilalim ng Sub-seksyon A, sa itaas. Ang anumang apela o kahilingan sa pagsuri sa ilalim nitong Sub-seksyon B ay kailangang isulat at dapat na may kasamang dokumento na sumusuporta sa apela o ang dahilan para sa pagsusuri. Ang kahilingan sa apela o pagsuri ay dapat ipadala sa City Finance Department na nasa 2175 Cherry Ave., Signal Hill, CA 90755 sa loob ng limang (5) araw na may pasok. Habang nakabinbin ang apela at ang anumang resulta ng imbestigasyon, hindi maaaring putulin ng Lungsod ang serbisyo ng tubig sa kostumer.

C. Pagdinig Ukol sa Apela: Pagkatanggap ng kahilingan sa apela o pagsusuri sa ilalim ng Sub-seksyon A o B, sa itaas, ang petsa ng pagdinig ay kaagad na itatakda ng Tagapamahala ng Lungsod, o ng kanyang kinatawan (ang "Opisyal para sa Pagdinig") Pagkatapos ng ebalwasyon sa mga katibayan na ibinigay ng kostumer at sa impormasyon na nakasampa sa Lungsod ukol sa mga naturang singil sa tubig, magpapasya ang Opisyal para sa Pagdinig hinggil sa kawastuan ng mga singil sa tubig na nakasaad sa bayarin at bibigyan ang kostumer na umaapela ng nakasulat na maikling buod ng pasiya.

1. Kung mapapatunayang mali ang mga singil sa tubig, magbibigay ang Lungsod ng itinamang invoice at ang kabayaran para sa nabagong singil ay itatakda sa loob ng sampung (10) araw ng kalendaryo ng petsa ng invoice para sa mga nabagong singil, maliban kung ang apela sa Konseho ng Lungsod ay napapanahong naitalaksan alinsunod sa mga hinihingi dito sa Seksyon IV. Kung ang mga nabagong singil ay mananatiling hindi bayad sa mahigit na animnapung (60) araw ng kalendaryo pagkatapos na maibigay ang itinamang invoice, puputulin ang serbisyo ng tubig, sa sunod na regular na araw ng trabaho pagkatapos ng pagkapaso ng animnapung araw (60) na iyon ng kalendaryo; basta magbibigay

ang Lungsod ng Babala Ukol sa Pagputol at iba pang mailalapat na paunawa na hinihingi ng Pamantayang ito. Ibabalik lamang ang serbisyo sa tubig oras na mabayaran nang buo ang lahat ng umiiral na mga singil sa tubig, mga multa, at alinman at lahat ng mailalapat na singil para sa muling pagkakabit.

2. Kung ang naturang mga singil sa tubig ay napatunayang wasto, ang mga singil sa tubig ay dapat bayaran sa loob ng sampung (10) araw ng kalendaryo pagkatapos na maibigay ng Opisyal para sa Pagdinig ang pasiya, maliban kung ang apela sa Konseho ng Lungsod ay napapanahong naitalaksan alinsunod sa mga hinihingi dito sa Seksyon IV.

(a) Para sa unang apela sa ilalim ng Subdibisyon A, sa itaas, kung ang kostumer ay hindi nakapag-apela nang napapanahon sa Konseho ng Lungsod, sa pangyayaring hindi mababayaran nang buo ang mga singil sa loob ng animnapung (60) araw ng kalendaryo pagkatapos ng orihinal na petsa ng bayarin sa loob ng sampung (10) araw ng kalendaryo ng pasiya ng Opisyal para sa Pagdinig (alinman ang mas huli), kung gayon ang Lungsod ay magbibigay ng Babala Ukol sa Pagputol at anumang ibang mailalapat na paunawa na hinihingi sa Pamantayang ito, at maaaring magpatuloy sa potensyal na pagputol sa serbisyo sa pag-aari ng kostumer.

(a) Para sa isang Babala Ukol sa Pagputol sa ilalim ng Subdibisyon A, sa itaas, kung ang kostumer ay hindi nakapag-apela ng napapanahon sa Konseho ng Lungsod, kung gayon ang serbisyo sa tubig sa pag-aari ng kostumer ay maaaring putulin nang may sulat sa kostumer o itinawag na paunawa na ibibigay nang humigit-kumulang dalawampu't apat (24) na oras pagkapangyari sa nahuhuli ng: (i) pagkapaso ng orihinal na animnapung (60) araw ng kalendaryo na panahon ng paunawa na nakasaad sa Babala Ukol sa Pagputol; o (ii) pagkapaso ng sampung (10) araw na panahon kasunod ng pasiya ng Opisyal para sa Pagdinig.

3. Sa oras ng pagbibigay ng pasiya ng Opisyal para sa Pagdinig sa ilalim ng subdibisyon (1) o (2) sa itaas, ang kostumer ay papayuhan sa karapatan na patuloy na umapela sa Konseho ng Lungsod. Ang alinmang naturang apela ay dapat italaksan nang nakasulat sa loob ng pitong (7) araw ng kalendaryo pagkatapos maibigay ang pasiya ng Opisyal para sa Pagdinig kung ang apela o pagsusuri ay unang apela sa ilalim ng Subdibisyon A sa itaas, o sa loob ng tatlong (3) araw ng kalendaryo kung ang apela o pagsusuri ay apela sa Babala Ukol sa Pagputol sa ilalim ng Subdibisyon B, sa

itaas. Pagkatanggap ng nakasulat na kahilingan na makaapela sa Konseho ng Lungsod, itatakda ng Lungsod na madinig ang usapin sa susunod na pulong ng Konseho ng Lungsod at padadalhan ang kostumer sa koreo ng nakasulat na paunawa ukol sa oras at lugar ng pagdinig sa loob ng sampung (10) araw bago ang pulong.

4. Kapag hiniling ang isang pagdinig sa Konseho ng Lungsod, ang naturang kahilingan ay dapat isulat at ipadala sa tanggapan ng Lungsod. Hihilingin sa kostumer na personal na humarap sa Konseho ng Lungsod at magpakita ng katibayan at mga dahilan kung bakit hindi wasto ang mga singil sa tubig sa naturang bayarin. Tatayahin ng Konseho ng Lungsod ang ipakikitang katibayan ng kostumer, gayundin ang impormasyon na nakatalaksan sa Lungsod kaugnay ng naturang mga singil sa tubig, at magbibigay ng pasiya ukol sa kawastuhan ng nasabing mga singil.

a) Kung mapapatunayan ng Konseho ng Lungsod na hindi wasto ang mga naturang singil sa tubig, bibigyan ang kostumer ng invoice para sa binagong singil. Kung ang mga nabagong singil ay mananatiling hindi bayad sa mahigit na animnapung (60) araw ng kalendaryo pagkatapos na maibigay ang itinamang invoice, puputulin ang serbisyo sa tubig, sa sunod na regular na araw ng trabaho pagkatapos ng pagkapaso ng animnapung araw (60) na iyon ng kalendaryo; basta magbibigay ang Lungsod ng Babala Ukol sa Pagputol at iba pang mailalapat na paunawa na hinihingi ng Pamantayang ito. Ang serbisyo ng tubig ay muling ibabalik pagkatapos lamang na mabayaran nang buo ang mga umiiral na singil sa tubig at alinman at lahat ng mailalapat na singil para sa muling pagkakabit.

b) Kung ang naturang mga singil sa tubig ay mapapatunayang tama, ang mga singil sa tubig ay dapat mabayaran sa loob ng dalawang (2) araw na may pasok pagkatapos na maibigay ang pasiya ng Konseho ng Lungsod. Sa pangyayaring hindi mababayaran nang buo ang mga singil sa loob ng animnapung (60) araw ng kalendaryo pagkatapos ng orihinal na petsa ng bayarin, kung gayon ay magbibigay ang Lungsod sa kostumer ng Babala Ukol sa Pagputol at iba pang mailalapat na paunawa na hinihingi sa Pamantayang ito, at maaaring magpatuloy ang potensyal na pagputol ng serbisyo sa pag-aari ng kostumer.

c) Ang anumang labis na singil ay lilitaw bilang kredito sa sunod na pangkaraniwang bayarin ng kostumer, o direktang

ibabalik sa kostumer, sa solong pagpapasiya ng Konseho ng Lungsod.

d) Ang serbisyo sa tubig ng sinumang kostumer ay hindi puputulin anumang oras habang ang apela ng kostumer sa Lungsod o sa Konseho ng Lungsod ay nakabinbin.

e) Ang pasiya ng Konseho ng Lungsod ay pinal at matibay.

V. Muling Pagkakabit ng Serbisyo

Upang muling maibalik o maipagpatuloy ang serbisyo na pinutol ng Lungsod dahil sa hindi pagbabayad, kailangang bayaran ng kostumer ang deposito para sa seguridad at isang Kabayaran para sa Muling Pagkakabit na itinakda ng Lungsod, alinsunod sa mga limitasyon na nakasaad sa Seksyon II(E)(1) sa itaas, kung naaangkop. Sisikapin ng Lungsod na isagawa ang naturang muling pagkakabit oras na praktikal nang maipatutupad para sa kaluwagan ng kostumer. Gagawin ng Lungsod ang muling pagkakabit nang hindi lalampas sa katapusan ng sunod na regular na araw ng trabaho kasunod ng kahilingan ng kostumer at pagbabayad ng anumang mailalapat na Singil para sa Muling Pagkakabit.